# 1

Handa na siya dapat sa eksenang ito. Ang buong akala ni Shelly ay handa na siyang makita muli ito. Mukhang nagkamali siya.

Tila may dumadausdos na yelo sa kanyang likuran habang nakatitig siya sa matangkad na lalaking kausap ng kanyang Kuya Sebastian. Hindi abot ng magaslaw na liwanag ang puwesto ng mga ito malapit sa bar counter. Malamlam ang ilaw sa dakong iyon. But even against the dim light of the club, his chiseled features were prominent and arresting. The shadows only enhanced the aristocratic angles of his face, reminding her of renaissance portraits of knights and kings.

He was leaning back against the counter, his strong arms propped against the dark marble surface. He looked relaxed, bored even. Pero kita niya ang tensyon sa mga balikat nito, sa kamay nitong mahigpit na nakahawak sa baso ng alak, sa pagkakatiim ng bagang nito at sa mga mata nitong hindi mapigilang lumibot sa buong paligid.

May gumalaw sa tabi nito at wala sa loob na napatingin siya roon. Nanigas siya nang makitang

babae iyon. Nakatingkayad ito at may binubulong sa lalaki. Napatingin dito ang lalaki at ngumiti sa babae. Nakaramdam siya ng sakit at napatingin siya sa sariling mga kamay. Saka lang niya napansin ang marka ng kanyang mga kuko sa kanyang mga palad. Nag-init ang kanyang mga mata at gusto niyang tawanan ang sarili. F*cking shit. Hindi na niya ulit iiyakan ang lalaking ito.

Tinungo niya ang dance floor.

Ipinikit niya ang mga mata at hinayaang dumaloy sa kanyang mga ugat ang pintig ng musika.

She was not here for him. At wala itong espasyo sa buhay niya. Kung puwede lang ay hinding-hindi siya tatapak sa loob ng building kung nasaan ito. Mas mabuti kung hindi na niya ito makikita habang buhay. Pero party ito ng Kuya Seb niya at ng fiancée nitong si Allison na best friend niya. Isang beses lang itong mangyayari at hindi niya ito puwedeng balewalain. Hindi lang iyon, kailangan din niyang matiyak na hindi makakapasok sa resort na ito ang isang partikular na tao.

So yeah, Alejandro Luis Trinidad Leviste could go f*ck himself.

The music pulsed with lust and desire. It was

sweltering at the dance floor. The wild lights felt hot on her skin. The bodies on the dance area ground and rubbed against one another, the movements practically mimicking sex.

May humawak sa kanyang mga balakang at hinayaan niya ang katawang umindayog sabay sa galaw nito. She rotated her hips against the man behind her, and smiled when she heard a masculine groan. Itinaas niya ang mga kamay at iginiling ang mga balakang at—

Napasigaw siya nang may humagilap sa kanyang baywang para haklitin siya palayo sa kasayaw mula sa likuran. Muntikan na siyang matapilok sa taas ng heels niya.

"What the f*ck!" Marahas niyang itinulak ang lalaking humaklit sa kanya at itinaas ang nanlilisik na mga mata rito.

Nanigas siya.

Kay dilim ng mga mata nito, tila kahit liwanag ay hindi kayang tumakas doon. Sabay na nag-init at nanlamig ang kanyang buong katawan. Her toes curled. God, she had weaved so many dreams while staring at those dark eyes in her sleep. At kahit gising siya. And she was dreaming again right now, damn

it. Medyo madumi ang panaginip niya nang mga oras na iyon.

She became aware how her breasts were pressed against his muscled chest. The tips felt swollen and bruised as he hugged her to the hard planes of his body. His strong arms were wrapped around her torso, and she knew how flushed she looked held against his marble-hard form.

*F*ck, ano ba ang kinakain ng lalaking ito?*

Pilit niyang itinulak ang sarili palayo rito, pero humigpit lamang ang hawak nito sa kanyang likod at baywang, dahilan para lalong dumikit ang pang-ibabang bahagi ng kanyang katawan sa katawan nito.

She gasped when she felt the heavy evidence of his arousal pressing against her abdomen. Nanlalaki ang mga matang napatitig muli siya sa mukha nito. He looked grim, the hard angles of his face looking even harsher under the wild disco lights. Parang tuod na napatitig lang siya rito.

She could feel him through his jeans and through the silk material of her dress. He was hot, hard, and pulsing and for one insane second, she imagined herself cupping and massaging that heavy arousal in his pants. A trickle of hot, creamy desire flowed

between her thighs and she felt her flesh softening, opening and swelling for him, readying herself to be filled by his hard, scalding thickness.

Nanlaki lalo ang mga mata niya.

Muli niyang itinulak ang sarili palayo rito at sa pagkakataong ito ay nagawa niyang makawala sa tila bakal nitong mga braso.

"Shelly—" Hinagilap nito ang kanyang braso.

"F*ck off!" Agad siyang pumihit patalikod dito at itinulak ang mga tao sa kanyang harapan.

Narinig niyang tinawag muli nito ang pangalan niya pero hindi niya ito pinansin. Patuloy siyang nakipagsiksikan sa mga tao para makaalis sa dance floor. Sa mga ganitong pagkakataon ay nagpapasalamat siya sa height at katawan niya. She was just about five feet and two inches tall, and she had always been slender. She had curves all right, palaging sinasabi ni Ally na naiiinggit ito sa dibdib at balakang niya kapag nagmamaktol siya tungkol sa height niya, but she was really bent on being taller. She was petite. Kung hindi naimbento ang six-inch stilettos ay forever na siyang magmumukhang midget sa tangkad ng mga taong nakapaligid sa kanya. Pero tila biyaya ang pagiging maliit niya nang mga oras na

iyon. Madali siyang nakalusot sa mga nagsisigiling na mga katawan nang hindi masyadong nahihirapan. At si Alejandro? Good luck. The guy was six feet and two inches.

Dere-derecho siya sa exit ng club nang di lumilingon sa likuran.

Sinalubong siya ng malamig na simoy ng hangin nang buksan niya ang salaming pinto ng *Andromeda*. Nilamon ng hanging dagat ang ingay mula sa loob ng club at pinalitan iyon ng payapang paghampas ng alon sa pampang. Tanaw niya mula sa kanyang ang ilan sa mga bisita na lumalangoy kung di man nag-su-surf sa beach.

Dali-dali siyang naglakad sa gilid, sa halamanan. Hindi niya alam kung susundan siya ni Alejandro pero mabuti na ang mag-ingat. Tinanggal niya ang stilettos niya at parang batang nagtago sa likod ng mabababang halaman. She prayed there were no caterpillars and ants there.

“What are you doing?”

“Ahh!” Napasalampak siya sa lupa at malalaking matang napatitig sa lalaki sa kanyang harapan. Nakangisi ang guwapong binata sa kanya. Mariin siyang napapikit at hinampas ito sa dibdib. “Punyeta,

Jeremy!" asik niya.

Tumawa ito at muntikan nang mapasalampak din sa tabi niya. "Para kang tanga d'yan, Shells, ano'ng ginagawa mo—"

"Shh!" Tinakpan niya ang bibig nito sakto sa pagbukas ng entrance ng *Andromeda*.

Pinaliguan ng malamlam na sinag ng mga Japanese lanterns ang binatang lumabas. He was undeniably gorgeous. Naniniwala si Shelly na dalawang bagay lang ang maaaring mangyari kapag nakita muli ng isang tao ang taong gusto nito dati.

Una, ang masuka ito at hindi ito makapaniwala kung bakit nito nagustuhan ang dating crush. Pangalawa, ang maalala nito ang lahat ng dahilan kung bakit patay na patay ito sa taong iyon noong una pa lang.

Nanikip ang kanyang dibdib habang tinititigan niya si Alejandro. The soft lights bathed him in a golden glow. His casual shirt and jeans conceal his powerful frame. Pinaglalaruan ng hanging dagat ang itim nitong buhok, bahagyang itinatabing ang ilang hibla sa matiim nitong mga mata.

Tila may maliliit na bubog ang tumusok sa kanyang dibdib at gusto niyang umungol at pukpukin

ng bato ang sarili.

“Sino iyon?”

“Shh!” Pinandilatan niya si Jeremy.

Lumipad sa direksyon nila ang tingin ni Alejandro at pakiramdam niya ay malalagutan siya ng hininga.

“Shit. Shit. Shit!” Gusto niyang sakalin ang kaibigan.

Humakbang ang lalaki palapit sa kanila.

“Al.”

Tila nabunutan siya ng tinik nang marinig ang tinig ng babae. Napatingin siya sa bagong dating at agad napawi ang pagpapasalamat niya. Bumigat muli ang loob niya. Ito iyong babaeng katabi ni Alejandro sa bar kanina.

Lumapit ito sa huli.

Hindi niya masyadong makita ang mukha ng babae pero kita niyang matangkad ito, halos umabot sa baba ni Alejandro. Ganoon yata ang type nito. Kung hindi siya nagkakamali, matangkad din ang babaeng nakita niyang nakapalupot dito sa party noon. Sumakit ang dibdib niya at mabilis siyang kumurap para pawiin ang pag-iinit ng mga mata.

"What are you doing here?" Masuyo ang boses ng babae. "Kanina pa kita hinahanap."

"Nothing, I was just—"

Hindi na niya pinakinggan ang sasabihin nito at pasimple siyang gumapang palayo sa mga ito. Alejandro and his woman could f*ck themselves to death, for all she cared.

"Ano ba'ng ginagawa natin?" kulit ni Jeremy habang gumagapang sa tabi niya.

"Shut up," she hissed, as she carefully crawled toward the other side of the building.

Nang sigurado na siyang hindi na siya makikita ni *Al* kapag tumayo siya, saka lang siya tumuwid at pinagpagan ang sarili. Inihagis niya ang kanyang stilettos sa buhangin sa inis niya.

"Okay, you're really pissed," ani Jeremy.

Humugot siya ng hangin at tinapunan ng tingin ang binata. "May sasabihin ka ba?"

"Well, ang totoo, ngayong pinaalala mo na, mayroon. 'Andyan si Kate sa bukana ng resort at nagpipilit pumasok."

Nakalimutan niya ang lahat ng iniisip tungkol

kay Alejandro at nalukot ang mukha.

"What the f*ck, Jay! Ba't ngayon mo lang sinabi?" Malalaking hakbang niyang tinungo ang direksyon ng bukana ng resort.

"Na-distract ako." Nagkibit-balikat ang spy niya.

Matalim niya itong tinitigan habang naglalakad.

"Pero, Shelly, maybe we should just tell your brother—"

"No need. Ako na'ng bahala dito."

"Pero, Shells, baka isipin niyang nakikialam ka na naman—"

"I said it's okay! I can handle it!"

"Fine! Fine!" Nagtaas ito ng dalawang kamay. "Pero alam mo, matanda na ang kapatid mo. Maybe you should just let him handle his own problems."

"I'm his sister, karapatan kong makialam sa buhay niya."

Ito ang isa sa mga dahilan kaya hindi niya maiwasang dumalo sa party na ito.

Si Kate Panlilio ang worst nightmare ng Kuya Sebastian niya, to be more specific, ang ex-girlfriend

nito from hell. Alam niyang gagawa ang babae ng paraan para manggulo sa party ng magkasintahan at tama nga siya.

Hindi niya puwedeng hayaang gawin nito iyon. Kate had done more than enough damage to her brother. Hindi niya alam kung bakit hindi ito magawang hiwalayan noon ng kapatid niya pero sigurado siyang hindi iyon dahil in love ito rito. It was something else. And whatever it was, Kate was cruel enough to exploit that.

Ilang metro pa ang layo nila sa bukana ng resort pero rinig na niya ang pagsigaw ni Kate.

"Let me go! Sino ba kayo sa tingin n'yo? Bitawan n'yo 'ko! I have to speak to Sebastian! He would talk to me! He loves me!"

She sneered. "Hoy, babae, haliparot ka! Mahiya ka sa balat mo! Ikakasal na si Kuya Seb, kaunting delikadesa naman at tanggapin mo na ang katotohanan."

"You!" Nanlisik ang mga mata nito nang makita siya.

Matamis siyang ngumiti.

Matangkad si Kate nang kaunti kay Ally at

mahubog din ang katawan nito. Pang-super model ang beauty, walang duda roon. Pero sa ilalim ng ganda nito ay isang bruhilda. Hindi niya alam kung ano ang nakita rito ng Kuya Seb niya. Kahit ang yumaong Kuya Danny niya ay naging malapit din dito noong nabubuhay pa ito. Pero parang wala lang iyon sa babaeng ito.

Kumulo ang dugo niya habang iniisip ang lahat ng ginawa nito sa kapatid niya. Naalala pa niya ang sex video nito na lumabas sa net halos ilang buwan pa lang ang nakakaraan. Karelasyon pa ito ng Kuya Seb niya noon. Ang masaklap doon ay hindi iyon ang unang beses na nagtaksil ito sa kuya niya. Kahit noon pa ay sinasaksak na nito sa likod ang kapatid niya.

“Listen here, you good for nothing bitch.” Lumakad siya palapit dito at dinuro ito. Hindi niya ininda na mas matangkad ito sa kanya at kailangan niyang tumingala rito. “P*ta ka. Layuan mo ang kapatid ko kung ayaw mong kalbuhin kita!”

Tumili si Kate at bago pa siya nakakurap, nakawala na ito sa mga lalaking nakahawak dito at nasunggaban na siya.

Ngumiti siya. Good! She was waiting for this!

Tumili nang tumili si Kate habang marahas

niyang hinihila ang buhok nito. Maingungudngod na niya ito ngayon sa lupa sa ngalan ng self-defense! Mas matangkad ito at mas mahahaba ang mga braso, pero mas galit siya, mas puno ng muhi.

This woman had been playing her Kuya Seb for years! Para iyong apoy na pumipintig sa kanyang mga ugat at nagdadala sa kanya ng kakaibang lakas. Walang patawad niyang hinila ang buhok nito hanggang sa mabunot na ang ilang bungkos niyon. Kinalmot niya ito, sinuntok, sinabunutan at sinampal na parang wala nang bukas.

“What the hell is going on here?” Narinig niyang dumagundong ang isang pamilyar na boses, pero abala siya sa pagsampal kay Kate.

“This is for all the pain you caused my brother, you bitch!”

Patuloy sa pagtili ang babae. “You’re crazy! Let me go!”

“What the f*ck, Shelly!” Pumulupot ang matitigas na braso sa kanyang baywang, pilit siyang hinihila palayo sa haliparot na ex-girlfriend ng kapatid niya.

“P*ta ka! Layuan mo si Kuya Seb!” Nagpumiglas siya mula sa may hawak sa kanya at pilit na inaabot ulit ang buhok ng babae. “’Wag mo nang ipapakita

ulit ’yang malanding pagmumukha mo dito! I swear I’ll break your nose!”

“You already broke my nose!” tili nito habang inaawat din ito ng mga guwardiya sa entrance.

“Ilayo n’yo na siya. Get her out of here,” utos ng lalaking pumipigil sa kanya.

“’Wag na ’wag ka nang babalik dito! Haliparot ka!” sigaw niya sa papalayong babae. Hindi siya kumalma kahit mukha nang basahang manika si Kate. Hindi pa iyon sapat sa lahat ng ginawa nito sa kapatid niya. Tuluyan na itong hinila ng mga guards pabalik sa daungan at tumili siya.

“Goddammit, Shelly! What the f*ck are you doing?”

Nanlisik lalo ang mga mata niya. Hearing his voice just made her angrier. Kinagat niya ang braso ng lalaki at napamura ito.

Nabitawan siya nito.

“What the f*ck, Shells!”

“Don’t call me that, you asswipe!” Marahas siyang pumihit at malalaking hakbang na tinungo ang daan pabalik sa club.

"Shelly!" Hinaklit nito ang braso niya at hinila siya paharap dito. Hinawakan nito ang dalawang kamay niya para pigilan siyang sampalin ang lalaki.

Ngumiti siya at tinuhod ito.

"F*ck!" Nabitawan siya nito.

Tumalikod siya at dali-daling naglakad ulit pabalik sa club.

"Dammit, Shelly!" Muli siyang hinaklit ni Al sa baywang at walang hirap na kinarga.

"Ano ba! Bitawan mo 'ko!" Tumili siya nang tumili at kinalmot ang guwapong mukha nito pero maagap nitong nahuli ang mga kamay niya.

"F*cking shit! Tumigil ka na!"

"Bitawan mo 'ko o duduraan kita!"

"Do it, tingnan mo kung ano'ng gagawin ko sa 'yo." Napakadilim ng mga mata nito at tila nilalamon ng mga iyon ang lahat ng liwanag sa paligid.

Nakaramdam siya ng kaunting takot habang nakatitig dito. Pero hindi lang iyon ang naramdaman niya. His eyes held dark promises that made her womb quiver. Nakaramdam siya ng init. Ng pananabik. Her breathing became heavy and her skin burned. Her

breasts swelled and the flesh between her thighs clenched.

Kumuyom-palad siya at nagtiim-bagang.

Nagpatuloy ito sa paglakad habang karga siya.

Nagpatuloy siya sa pagpupumiglas pero hindi siya nito pinansin.

Pumasok ito sa likod ng club at dumerecho sa isang staff room. Nagulat ang dalawang tao sa likod ng desk at biglang napatayo.

“Sir—”

“Out.” Matigas ang boses ni Alejandro.

Tila sinilaban ang puwitan ng mga ito at hindi magkandaugaga sa paglabas sa pinto. Gusto niyang tumawa nang marahas. So si Alejandro ang may-ari ng resort na ito? Bakit hindi siya nagulat doon?

Napapikit siya nang mariin.

*F*ck.* Kailan pa ba ito bumalik sa Batangas? Binuksan nito ang isang pinto na sa tingin niya ay opisina nito at pumasok doon. Pabalibag nitong sinara iyon at idineposito siya sa isang couch.

Walang emosyon siyang tumitig sa kahit saan maliban dito.

Narinig niyang marahas itong humugot ng hininga. Narinig niyang naglakad ito papunta sa isang gilid at narinig niya ang pagbukas ng isang ref. Bumalik ito at walang pasabing hinila ang kaliwang kamay niya.

"Punyeta—" Napahugot siya ng hangin nang hawakan nito ang pupulsuhan niya. Noon lang niya naramdaman na masakit pala iyon.

"You sprained it." Malamig ang boses ni Alejandro, kasing-lamig ng nagyeyelong lata ng beer na idinikit nito sa kanyang pupulsuhan.

Hinila niya ang kamay.

Humugot ito ng hangin. "Fine. Be like that."

Hinagilap nito ang kabilang kamay niya at padaskol na inilagay roon ang nagyeyelong beer. Pagkatapos ay tumayo ito at tumalikod sa kanya.

Ayaw man ni Shelly, tumaas ang mga mata niya para titigan ito. Humahakab ang itim nitong t-shirt sa malalapad nitong balikat. His muscles strained against the fabric of his shirt, the sinewy flesh stiff and solid like a slab of marble underneath the cotton material. He'd always possessed that air of recklessness that was both exciting and fascinating.

And as a fully-grown man, he seemed more controlled, more restrained, and it lit a sensual fire inside her. Nag-init ang mga pisngi niya at iniiwas niya ang tingin dito. Pilit niyang itinuon ang buong pansin sa ayos ng silid para tanggalin ang isip sa init ng katawan. Nagtagumpay siya.

Kulay puti ang dingding at puro gray, black at white ang kulay ng mga gamit. Napaismid siya. Obviously, may isang bagay na hindi pa rin nagbabago. Wala pa rin itong sense of style sa mga kuwarto nito.

Bumalik ang titig niya sa lalaking nakatayo sa harapan niya at nanigas siya nang makitang nakaharap na ito, nakatitig sa kanya. His face was impassive, his sensual mouth pursed in a grim line.

"Balak mo bang iwasan ako buong buhay mo? It's been seven f*cking years, Shelly. Di ba parang sumusobra ka na? Don't you think you're being too childish?" Tila talim ng kutsilyo ang boses nito.

Ikinuyom niya ang mga palad. "I have nothing to say to you."

Tumayo siya at tinungo ang pinto pero mabilis itong humarang sa kanya at itinulak siya pabalik sa couch. Ipinatong nito ang dalawang braso sa magkabilang bahagi ng sandalan sa gilid niya,

ikinukulong siya. The feel of him surrounding her made her heart panic. She'd almost forgotten how big he was, how intimidating.

Tila kinakain nito ang bawat espasyo ng mundo niya.

His scent flowed around her, trapping her as well.

“This. This is exactly what happened to us seven years ago. You're so immature, Shelly. You want everything to go your way.”

Tulala siyang napatitig dito at naramdaman niya ang pag-iinit ng mga mata. Pero pinigil niya ang pagpatak ng luha.

“Childish? You think I'm childish? Kung childish ako dahil hindi ako marunong makipagplastikan, fine! I'm childish. After what you did to me, you think we can act like nothing's wrong? F*ck you.”

Mariin itong napapikit at marahas na itinulak ang sarili palayo sa kanya. He shoved his fingers through his hair.

“Ano ba'ng ginawa ko sa ‘yo? Wala akong naaalalang ginawa kong masama sa 'yo! F*ck, Shelly! You were never my girlfriend! Wala tayong gan'ung relasyon. Ano ngayon kung hinalikan ko 'yung

babaeng iyon? Wala kang pakialam d'un! You are overreacting! Wala kang karapatang umarte nang ganyan dahil kahit kailan hindi naging tayo!"

Mapait siyang tumawa roon. Tumayo siya at nanginginig na humakbang palapit dito.

"Nagsisinungaling ka sa sarili mo kung naniniwala ka d'yan. You know we're more than just friends. You wanted me as much as I wanted you. But you're just too f*cking scared to admit it."

Tumawa rin ito nang mapait at mapang-uyam na tumitig sa kanya. Hindi niya hahayaang malaman nito kailanman kung gaano kasakit sa tuwing tinitingnan siya nito ng ganoon.

"Tingin mo talaga lagi tama ka, 'no? You think you know everything, don't you? Fine. I was scared. Sino'ng hindi matatakot? You were smothering me. You're almost stalking me. Halos sakalin mo 'ko sa presensya mo. You were driving me crazy, Shelly. Parang gusto mong umikot ang buong mundo ko sa 'yo. You wanted me to breathe every f*cking moment for you. Sino'ng hindi matatakot d'un?"

"Well, wala nang kaso iyon ngayon, di ba?" aniya, matamis na nakangiti sa kabila ng tila libu-libong bubog na bumabaon sa kanyang sikmura. "Tinigil ko

na iyon, di ba? Hindi ko na iyon hinihingi sa 'yo, di ba? I'm not following you anymore, I'm not talking to you anymore. I don't want to see you anymore so wala nang problema."

Humakbang siya palayo rito pero hinagilap ng lalaki ang braso niya. Matigas ang boses nito at mahigpit ang hawak sa kanya.

"Best friend ko ang kapatid mo. I'm back here in Batangas for good. We can't avoid each other. We have to work this out, Shelly."

Gusto niyang tumawa ulit. Malabong mangyari iyon. Childish na kung childish, pero hindi niya kayang makipagngitian dito at sa mga magiging girlfriends nito na para bang wala lang. They could never be friends because friends would not hurt each other the way he'd hurt her. Kung paanong patuloy siya nitong sinasaktan.

"I'm sure we can manage not to see each other. Malaki naman ang Batangas. Hindi ako dadalo sa mga events na pupuntahan mo at kung puwede 'wag ka rin sanang pumunta sa mga lugar na alam mong kailangang puntahan ko. At sa mga occasions na kailangan talaga nating magkita, let's just avoid each other. I'm sure we can do that."

Hinila niya ang kamay mula rito pero hindi nito pinakawalan iyon.

"Alam mong imposibleng gawin 'yan. We have to at least be friends again—"

"Just f*cking leave me alone!" Hindi na niya napigilang sumigaw. Bakit ba hindi nito makuha? She couldn't do it. She would never do it. Not when it still hurt so bad. "I don't want to be friends with you and I will *never* be friends with you ever again! Ni ayaw kitang makita, naiintindihan mo ba 'yun? I don't want to see you, I don't want to talk to you, I want nothing to do with you! Wala 'kong pakialam kahit ano'ng gusto mong gawin basta 'wag mo akong kausapin! Stay the hell away from me!"

Nagawa niyang hilahin ang mga braso at tumakbo siya sa pintuan at binuksan iyon. Tumakbo rin siya palabas ng staff room.

# 2

She looked like crap. Nanlalalim ang mga mata at medyo namumutla ang babaeng nakatitig sa kanya mula sa salamin. Halatang-halatang hindi siya nakatulog nang maayos kagabi. Sinabunutan ni Shelly ang maikli niyang buhok at tumili sa inis. It was all that freaking Alejandro's fault!

Padaskol niyang pinihit pabukas ang faucet at agad siyang naghilamos. Nakatulong kahit papaano ang malamig na tubig sa kanyang balat. Agad siyang nagsabon ng mukha at nagbanlaw. Pagkatapos ay hinubad niya ang suot na pajama top at pants, at mabilis na naligo.

Kahit paano ay gumaan ang pakiramdam niya pagkatapos ng shower. Nakangiti na siya habang nagbibihis at pagkatuyo niya sa maikli at kulot niyang buhok, siya na ulit si Shelly Yolanda—ang bubbly, carefree at mabait na bunsong anak ng pamilya Castello. Hindi niya hahayaang guluhin ni Alejandro o ng kahit na sino ang bakasyong ito para sa nalalapit na kasal ng Kuya Seb niya at ng kanyang best friend niya.

Maluwang ang ngiti niya nang buksan niya ang

pinto sa balkonahe at humugot siya ng malalim na hininga. Ang sarap ng hangin, napakalinis at napakalamig. Tumawa siya at parang sira na nagpaikot-ikot at—

Muntik na siyang mabuwal nang makita ang lalaking nakaupo sa dulo ng balkonahe. He was sprawled at the settee, his long powerful legs stretched out in front of him like he was some goddamn king. His eyes looked even darker underneath the sun. The wind was blowing his hair, the early morning light kissing his golden skin. The loose cotton shirt and pants did nothing to hide the primal masculinity of his sinewy frame.

"W–what the f*ck!" Nagawa niyang sabihin sa wakas.

Tumaas ang sulok ng mga labi nito. "Good morning to you, too."

Napabuka at napatikom ang bibig niya pagkatapos ay bumuka ulit. Naningkit ang mga mata niya rito. "What the hell are you doing here? You're stalking me, aren't you? Sinabi nang—"

"Oh, please, Shelly. I would never stalk you. Nagkataon lang na dito din ang kuwarto ko." Bagot ang boses nito at para iyong sampal sa kanyang

mukha.

Naikuyom niya ang palad at pinilit niyang manatiling matigas ang tinig. “Oh, really? Gusto mong paniwalaan ko ’yan? Sa dinami-dami ng kuwarto dito nagkataong ’yung katabing kuwarto ko ang nakuha mo? At pareho pa tayong may access sa balcony? You want me to believe it’s a coincidence?”

Tumayo si Alejandro at nanlaki ang mga mata niya. He moved with a predatory grace that made her step back.

“What are you doing?” asik niya.

Hindi ito umimik at nagpatuloy lang sa mabagal na paglakad palapit sa kanya. Nataranta siya. He looked dangerous, wild even. And for the love of God, she couldn’t stop her heart from beating so fast.

Bago pa siya makapag-isip ay tumakbo siya pabalik sa silid niya. Ikinandado niya iyon. Gusto niyang kutusan ang sarili. She felt so stupid! Pero wala siyang pakialam. Mas mabuti nang tanga kaysa maging malapit ulit sa lalaking iyon.

“Shelly, open this door.”

Napaigtad siya, pagkatapos ay napaungol. F*ck, his voice was like caramel syrup… sweet and thick…

and… Nanggigigil siyang nagpapadyak sa inis.

“Alejandro, leave me alone!”

“Kailangan nating ayusin ’to, Shelly, I don’t plan to—”

“Wala ’kong pakialam sa plano mo! Ba’t ba ang kulit mo? Leave me alone! ’Wag mo ’kong kausapin. Ano ba’ng mahirap intindihin d’un?”

God, bakit ba hindi nito makuha iyon? She was hurt. Period. Ano ngayon kung OA na siya? Nasa human rights naman niya ang maging OA kung gusto niya, di ba? At kung tingin ng binata ay mape-pressure siya nito na maging okay sila sa pamemeste nito ay nagkakamali ito. She had always been good at keeping grudges. It was one of her talents.

Malalaking hakbang niyang tinungo ang pinto at lumabas siya ng silid. Agad siyang bumaba sa cottage at tinungo ang cottage ng mama niya.

“Mama! ’Yung room arrangement, bakit gan’un?” himutok niya pagkabukas na pagkabukas niya ng pinto.

“Ah, Doc Javier? Sandali, ’andito si Shelly, mukhang may nirereklamo.” Nakangiting sumulyap ang ina sa kanya habang nakadikit ang cell phone

nito sa tainga.

Napatikom agad siya.

Si Doc Francisco Javier ang nakabili ng mansion sa tabi nila mga tatlong taon na rin ang nakakaraan. Biyudo ang lalaki at wala itong anak. Ngumiti siya sa mama niya at sinenyasan ito na huwag siyang intindihin.

Umupo siya sa couch sa tabi ng pinto habang patuloy na nakikipag-usap ang kanyang ina sa phone.

"Ah, talaga?" Tumawa ang mama niya, ang mga mata ay kumikinang. Nakaupo si Soledad Castello sa sofa malapit sa bintana. Nakasimpleng maluwag na empire cut dress ito. Fifty-five na ang mama niya pero maganda pa rin ang kutis at hubog ng katawan nito. Kagaya niya, hindi katangkaran si Soledad Castello at may pagka-baby face din ito.

Parang sumpa sa kanya ang pagkakaroon ng baby face noong teenager siya pero habang nakatitig siya ngayon sa nanay niya, biyaya na ang tingin niya roon. Sa pagdaan ng panahon, habang ang iba ay mukha nang kulubot at gurang, magmumukhang nasa twenties pa rin siya salamat sa baby face niya. Bongga iyon!

Tumawa ulit ang mama niya at nakita niyang

bahagyang namula ang mga pisngi nito. Napahawak ito sa dibdib nito habang may isang maliit na ngiti sa mapupula nitong mga labi. Napangiti rin siya sa sarili.

Matapos ang halos isang oras at hindi mabilang na ngiti at tawa, ibinaba na ng ina ang cell phone.

Napabuntong-hininga ito at nakangiting itinaas ang tingin.

"O, Shelly, ano'ng ginagawa mo d'yan?"

Pinaikot niya ang mga mata at umiling sa kanyang mama.

"Nothing, just checking on you, Mother dear."

Napakunot-noo ito. "Ah, may sinasabi ka kanina tungkol sa room arrangements? Bakit? Ano'ng probelma?"

Mabilis siyang umiling.

"Wala, medyo nainis lang ako. Ah, by the way, Ma, may tickets ako para sa fireworks festival sa isang linggo, punta tayo."

Lumapad ang ngiti nito. "O, sige. I love fireworks!"

"Isama natin si Doc Javier, s'abi niya n'ung nakaraan gusto rin niyang panoorin 'yung festival, punta tayong tatlo para masaya."

Medyo naging alangan ang ngiti ng kaharap. “Tayong tatlo lang?”

“It’s going to be great!” sulsol niya. “Isama rin sina Kuya Seb at Ally, masaya iyon kasi marami tayo.”

Nanatili itong alangan at sumulyap sa larawan sa ibabaw ng nightstand. Larawan iyon ng kanyang papa. Napakaguwapo ng ama sa kuhang iyon. Noon ay fortieth birthday nito, ilang buwan bago ito atakehin sa puso at mamatay. Laging dala ng mama niya ang picture kapag nagbabakasyon ito sa ibang lugar.

“Kayo na lang siguro,” malamlam nitong sagot habang nakatitig sa nakangiting lalaki sa larawan.

Umiling siya. “Hindi puwede, mas masaya kung kasama kayo. Isipin n’yo na rin si Ally, mag-iisang taon pa lang iyon dito sa Batangas, maa-appreciate niya kung kasama pati kayo. Sige na, Ma.”

Napakagat-labi ito at napilitang tumingin ulit sa kanya. “Tingin mo magandang bonding moment ba namin ni Ally ’yun? Sinosolo nga siya madalas ng kuya mo, eh.”

“See?” Ang lapad ng ngiti niya. Pero siyempre, alam naman niya na hindi mahilig sa festivals ang best friend niya. Pero hindi na iyon kailangang

malaman ng kanyang mama.

Tumango ang kanyang ina, tila medyo nakumbinsi na.

"Sige, parang mas masaya nga kung mas marami tayo." Ngumiti na ulit ito. "Sige, punta tayo!"

Tumawa siya sa excitement ng kanyang mama. Patalun-talon siyang lumapit dito at umupo sa tabi nito.

"Shopping tayo sa weekend para sa isusuot natin! Hilahin natin si Ally para sumama sa 'tin. 'Tapos magpa-spa din tayo, magpa-parlor! Todo girl-bonding na tayo!"

Tumawa na rin ang mama niya.

---

Medyo maganda na ulit ang mood niya pagkalabas niya sa silid ng kanyang ina. Kumalam ang sikmura niya habang bumababa siya sa cottage nito at naalala niyang di pa nga pala siya kumakain ng almusal. She groaned. Dahil late na siyang nagising ay nauna nang kumain ang mama niya. Sigurado siyang nakakain na rin si Ally at ang Kuya Seb niya. She hated eating alone.

Dumerecho siya sa mess hall.

Pinilit niyang ngumiti nang kaunti para hindi naman matakot sa lukot ng mukha niya ang mga waiters doon.

Pumasok siya sa hall at nag-plaster ng ngiti sa mga labi.

Natigilan siya.

Nanakit ang tiyan niya, tila may sumuntok doon.

Malapit sa bintana, nakaupo si Alejandro, tumatawa sa kung anong sinasabi ng babaeng katabi nito. Ito rin ang kasama nito sa bar nang nakaraang gabi.

Maaliwalas ang mukha ng lalaki, tila may kung anong ilaw sa karaniwang madilim na mga mata nito. He looked really gorgeous when he smiled. She loved his smiles. His whole face would light up every time he did, and the world seemed so much brighter whenever he laughed. He used to smile a lot at her back then, too; used to laugh a lot with her when they were together. Then, he stopped doing that around her.

Nagtaas ng tingin ang lalaki na tila naramdaman na may nakatitig dito. He froze, his face turned a little pale and for one silly second, she thought she saw panic in his eyes.

Napailing siya sa sarili. That was stupid. Bakit naman ito magpa-panic? Iyon din ang akala niyang nakita niya sa mukha nito nang mahuli niya itong may kahalikang babae sa isang party pitong taon na ang nakararaan. Sumakit ang dibdib niya sa alaala.

Back then, para itong boyfriend na nahuling kinakaliwa ang girlfriend nito. Pero gaya nga ng sinabi nito nang nakaraang gabi, hindi ganoon ang tingin ni Al sa nangyari. Iyon din ang sinabi nito sa kanya seven years ago. Wala silang relasyon, wala siyang karapatang magalit nang ganoon. Mabilis siyang kumurap at tumalikod.

Tuwid ang likod na naglakad siya papunta sa kabilang dulo ng hall.

"Shelly!"

Parang boses ng anghel ang tinig ng assistant ng Kuya Seb niya. Ngayon lang siyang sobrang natuwang makita si Jeremy.

"Jay!" gamit niya sa palayaw nito. She beamed at her friend.

Nakangiti ito at kumakaway sa kanya mula sa isang mesa sa hall. Malalaking hakbang siyang lumapit dito at nakangiting tumayo ang lalaki para salubungin siya.

Hinagkan siya nito sa pisngi at hinila ang isang upuan para sa kanya.

Ngumiti siya rito. “Thanks.”

Umupo ito sa tapat niya.

“So ano’ng nangyari kagabi?” usisa nito pagkaupong-pagkaupo niya.

Napakunot siya at sinulyapan ang waiter na padaan sa kanila. Ibinigay nito sa kanya ang menu at mabilis niyang ibinigay ang kanyang order.

“Kagabi?” aniya pagkaalis ng waiter, ibinaling ang tingin sa kaharap.

“Hah! Pa-innocent effect ka pa. Kagabi, di ba kasama mo ’yung may-ari nitong resort? Si Alejandro Leviste, di ba?”

Nanigas ang mga kalamnan niya at tila sumikip ang kanyang dibdib. Akala pa naman niya ay magagawa niyang kalimutan na nakaupo ang lalaking iyon ilang mesa lang ang layo sa kanya.

Tinitigan niya nang matalim si Jeremy. “Oo nga, ano’ng nangyari kagabi? Ba’t bigla kang nawala?”

“Oh, you’re changing the subject.” Ngumisi ito. “Hindi na ’ko nakasingit sa kausap mo kasi ang

intense ng atmosphere sa pagitan n'yo. Ang hirap sumingit."

Kinuha niya ang table napkin sa plato at halos punitin iyon. "Nothing happened."

"Okay, you don't want to talk about it. Fine."

"Naibalik ba si Kate sa mainland?"

"Yes, ang alam ko, dinala siya sa hospital dahil sa mga kalmot mo. Oh and yeah, you broke her nose, too. Pero hindi naman siya magdedemanda. She knew she started it after all."

Tumango siya, pilit di pinapansin ang pananayo ng balahibo sa batok niya. Hindi siya sigurado, pero may pakiramdam siyang nakatitig sa kanya si Alejandro.

"Pero hindi kaya magalit ang Kuya Seb mo kapag nalaman niya 'tong ginawa natin?"

Matabang niyang tinitigan ang lalaki. "At ngayon ka pa natakot?"

"Well, actually matagal na 'kong natatakot sa ginagawa natin. Minsan naiisip ko, hindi ba dapat hayaan na lang natin na ang Kuya Seb mo ang umayos sa problema niya at 'wag na tayong makialam? Kagaya kagabi, siguro dapat sinabi natin sa kanya—"

“At para ano? Para guluhin ang gabi nila? You don’t know Kuya Seb, masyadong mabait iyon, especially when it comes to Kate. May pakiramdam akong gini-guilt trip ng babaeng iyon si Kuya Seb. It has something to do with their past, I’m sure. Hindi lang masabi ng harapan ni Kuya Seb kay Kate na lubayan na siya ng haliparot na iyon kasi naaawa siya sa. Kaya ako na ang gumagawa n’un para sa kanya. Trust me, binabawasan ko lang ang sakit ng ulo ni Kuya.”

“Right.” Maingay na sumipsip ng juice ang kaibigan.

Inirapan niya ito. “Of course I’m right. Hindi ko nga alam kung ano’ng meron sa babaeng ’yan, eh. Kahit si Kuya Danny, close d’yan noon.”

“Okay, change topic. Ano mo si Alejandro Leviste?”

Napatitig siya sa kaharap at nakitang nakangisi ito sa kanya. Gusto niyang kurutin ito ng pinung-pino. She liked Jeremy a lot but sometimes he could be very nosy. Naging classmate niya ito sa kolehiyo at kasabwat niya sa pag-eespiya sa opisina ng kapatid niya. Ito ang tumutulong sa kanya para masiguradong hindi makakalapit ang haliparot na ex-girlfriend ng Kuya Seb niya sa opisina ng mga ito.

“Best friend siya ni Kuya Seb since high school.”

“Oh? Bakit ngayon ko lang siya nakita kung gan’un?”

“Sa Manila siya naka-base.”

“Ah.” Tumango ang lalaki. “So kababata mo siya?”

“Hindi ka ba nakikinig? Since high school nga lang siya best friend ni Kuya Seb. Paano ko siya magiging kababata?”

“So hindi talaga sila tagarito sa Batangas?”

Dumating ang waiter dala ang almusal niya. Ngumiti siya at nagpasalamat dito.

Dinampot niya ang tinidor at kutsilyo at nagsimulang hiwain ang pancake.

“Lumipat sila dito n’un dahil sa negosyo ng papa niya. Bumalik ulit sila sa Manila n’ung twenty-three siya.”

“Ah.” Tumango ulit ito. “So dito na ’yung buong pamilya niya kasama ’yung mama at papa niya ulit?”

“Matagal nang patay ’yung mama niya at hindi ko alam kung ’andito ulit at kasama niya ’yung papa niya. As far as I can remember, they’re not really

close. They don't even really talk to each other. Pag nagtanong ka pa, iisipin kong may crush ka sa kanya."

Sinimangutan siya ni Jeremy.

Nagsimula siyang kumain at hindi muna sila nag-usap. Alam ng kaibigan kung gaano siya kaseryoso sa pagkain. She loved eating and she did not want people interrupting her. Ininom niya ang gatas at nakitang nakangiti sa kanya ang lalaki.

Naningkit ang mga mata niya rito. "What?"

"Well," anito, tila pinipigil ang pagngiti, "tingin ko kahit uminom ka pa ng ilang galong gatas hindi ka na lalaki."

Napaawang ang mga labi niya at tumawa ito. Tinadyakan niya ito sa ilalim ng mesa.

"Gago! Hindi ako maliit! I'm five two! That's the average height of Filipinas!"

"You're five one and a half. And yes, average height ka ng Filipina pero kapag mga six two ang mga tao sa paligid mo, mukha kang pandak."

Gusto niyang magprotesta pero alam niyang tama ito. Iyon ang height ng Kuya Seb niya, pati na rin ng Kuya Danny niya, sumalangit nawa ang kaluluwa nito. Bah, si Jeremy ay five eleven at si Ally naman

ay five six. Mukha talaga siyang maliit kapag kasama ng mga ito.

Inis niyang tinungga ulit ang gatas. God, she hated being short. Tumawa lang lalo ang kaibigan.

"So," anito pagkakitang ubos na niya ang pancakes, itlog at sausages. "Laging nasa bahay n'yo noon si Alejandro?"

"Sort of. Lagi kasing walang tao sa bahay nila."

"Ano'ng ginagawa niya sa bahay n'yo?"

"Kung anu-ano lang, naglalaro ng playstation at Xbox kasama si Kuya Seb, sumasama sa 'min sa music room, nakikikain, nakikitulog, gan'un."

"Hindi mo siya ex, nothing like that?"

Ibinaba niya ang mga kubyertos at matamang tinitigan ang lalaki. "Magtapat ka nga, Jeremy. Nagbago na ba ang sexual orientation mo at interesado ka na ngayon sa mga lalaki? Parang gusto mong gawan ng biography si Alejandro, ah!"

Ngumisi ulit ito. "No, hindi naman, curious lang."

"Curious saan?"

"Kung may relasyon kayo."

"At bakit nga?"

"So may relasyon ba kayo?"

Umungol si Shelly. Maybe she deserved it. Ano nga iyong kasabihan? Birds of the same feather flock together. Medyo pareho sila ng ugali ni Jeremy kaya siguro kaibigan niya ito. They were both annoying and they both didn't know when to stop pestering people.

"No," suko niya sa kulit nito. "Sinabi ko na, wala kaming relasyon. Best friend lang siya ni Kuya Seb."

"Oh? Kung gan'un, bakit kanina pa masama ang titig niya sa 'kin at parang gusto niya 'kong saksakin?"

Kumunot-noo siya at hindi napigilang lumingon sa likod. Agad natuon ang mga mata niya kay Alejandro. Mahirap iwasan iyon. Lahat ng pandama niya ay natutuon agad sa lalaki kapag nasa paligid ito. For a moment, na-distract siya sa pagtama ng sinag ng araw sa buhok nito mula sa likuran. There was a savage beauty at the way the sunlight created shadows across his handsome features. Kinailangan niya ng ilang segundo para mapagtantong tama nga si Jeremy. Matigas ang mukha nito at tila gusto nitong saktan ang kasama niya.

She gave him the finger.

Ibinalik niya ang pansin sa kaibigan at nakitang tumatawa ulit ito. “What?”

“Nothing.”

Pinaikot niya ang mga mata at uminom ng tubig.

“Uh-oh.”

Napataas ang tingin niya sa kaibigan. “What?”

“He’s coming over here, Shells.”

Agad naging full alert ang bawat cell ng katawan niya at lumipad ang tingin niya sa likuran. There he was.

And f*ck. He was hot.

Gusto niyang tumili at iuntog ang noo sa mesa. Tumayo siya. Nirentahan nila ang buong resort at kasama na roon ang lahat ng expenses sa mess hall kaya hindi na siya nag-abalang magbayad.

“Kita tayo mamaya, Jay. ’Alis na—”

“Shelly.”

Gusto niyang umungol. Some of her brain cells just died at the sound of that baritone voice. Ngumiti siya kay Jeremy.

“Later, Jay.”

Tumalikod siya sa mga ito at tinungo ang exit ng lugar.

# 3

"What the hell do you want?" Matalim niyang tinitigan ang lalaki sa kanyang harapan.

Sumimangot ito, isinuksok ang mga kamay sa bulsa at nagkibit-balikat. She ignored the way his muscles bunched against the soft material of his shirt.

"Wala."

Nagpanting ang tainga niya. "Wala? You've been following me for fifteen freaking minutes, Alejandro. What the hell do you want?"

"I'm not following you," he muttered. "Nagkataon lang na pareho tayo ng pupuntahan."

Inis niyang iwinasiwas ang mga braso sa paligid. "Haller? Walang ibang tao dito. Walang ibang makikita dito. Walang mapupuntahan dito!"

"Then saan ka pupunta?"

"Nowhere!" Pumadyak siya sa puting buhangin. Kanina pa siya naglalakad nang walang direksyon at ngayon ay nasa bahagi na sila ng beach na walang masyadong tao.

Muli, nagkibit-balikat ito. "I'm going nowhere, too. Naglalakad-lakad lang."

Umungol siya sa inis at tinalikuran ito. Nagsasayang lang siya ng laway. Mabilis siyang naglakad ulit.

"How's your wrist?"

Masama niya itong tinitigan. "It's fine."

"You shouldn't put too much pressure on it. Dapat nilagyan mo rin ng brace."

"I'm twenty-five. Alam ko kung paano alagaan ang sarili ko. Hindi ako bata."

"I know." The way he said the words made her insides tingle. Hindi nakatulong ang pagtitig nito sa katawan niya.

Nakasuot siya ng isang manipis at maikling summer dress. Typical na damit niya iyon. Short, bright and flirty. But the way he looked at her made her feel almost naked. She swallowed, hating the way her flesh came alive at the intensity of his stare.

Tumalikod siya at muling naglakad.

Mag-a-alas diez na ng umaga. Hindi na healthy ang sikat ng araw kung tutuusin. Pero napagpasyahan

niyang maglakad-lakad pa rin, marami naman siyang pinahid na sunblock kanina.

"Alam mo ba 'yung kuwento-kuwento dito tungkol sa parteng 'to ng beach?" narinig niyang sambit ni Alejandro.

Umihip ang malamig na hangin at ginulo niyon ang buhok niya. Hinawi niya iyon at isinuksok sa gilid ng kanyang tainga. "Ano?"

"Sabi nila may nangunguha daw dito sa parteng 'to ng beach."

Pinaikot niya ang mga mata. "Tinatakot mo ba 'ko?"

Hindi niya nakita pero alam niyang ngumiti ito. "Of course not."

"Ano ngayon 'yung tungkol sa k'wento? Naniniwala ka d'un?"

"It's just an old legend."

"Yeah, at malamang hindi iyon totoo."

"Yes. Malamang nga hindi. Pero ang sabi, nangunguha dito 'yung kung anong mga nilalang dahil pinarusahan sila. They were punished and turned into monstrous creatures that eat people."

“Kinakain nila ’yung kinukuha nila? Parang aswang sila?”

“‘Yon ang sabi.”

She snorted. “So pinarusahan sila at naging monsters sila na kailangang kumain ng tao?”

“Something like that.”

“So ngayon nangunguha sila ng tao dito para kainin dahil hindi nila mapigilan?”

“Yup.”

Again, she snorted. “Sino’ng nagbigay ng parusang ’yan? Ang talino, ah. Sige nga, paano ’yung mga inosenteng taong kinukuha n’ung mga monsters na ginawa nila? Collateral damage ng parusa nila? What the f*ck, sinong tanga naman ang magbibigay ng gan’ung parusa? Magbibigay ka ng parusa na alam mong magdadamay ng mga inosenteng tao? Dapat tanggalin sa puwesto kung sino mang nagbigay ng parusang iyon.”

Tumawa ito at sinipa ang ilang bato sa buhangin.

“You’re right.”

Nakarating sila sa mabatong bahagi ng beach. Mukhang may tagong parte sa gilid niyon at

napakunot siya. Akmang tatalikod siya at lalagpasan ito pero hinagilap ni Alejandro ang kamay niya.

"Come, I want to show you something."

"Ano? Ayoko!"

Pero hinila na siya nito papunta sa mga batuhan. Her hand felt so small in his big hand and she hated how warm the feeling of his touch was.

"Alejandro!" Inis niyang hinila ang kamay mula rito pero hindi siya nito pinansin.

Sa isang gilid ng mga batuhan ay mayroong parang isang maliit na kuweba. Mukhang dalawang tao lang ang kasya at maaaring umupo roon. Hinila siya nito papunta roon.

"You want to show me this? Bato lang 'to," kunot-noong sabi niya.

Hinila siya nito paupo. Hindi mainit doon dahil may mga bato na nagisilbing bubong.

"Masarap umupo dito at panoorin 'yung mga alon."

Hinila niya ang kamay pero humigpit lang ang hawak ng binata. She felt claustrophobic. Napakaliit ng espasyo roon at napakalaki ni Alejandro. Their

shoulders, arms and thighs were touching. Her skin tingled where it touched his. At kahit pa ang mga parte na nababalutan ng damit niya ay tila nagliliyab sa pagkakadikit dito. Gusto na niyang tumayo at iwan ang binata, pero may pakiramdam siya na hindi siya hahayaan ni Alejandro.

Bumuntong-hininga siya at tumitig na lang muna sa dagat.

“Kumusta ang papa mo?”

Gulat itong napatingin sa kanya, di inaasahan ang tanong niya. Kahit siya ay nagulat sa sarili. Shit, she was turning bipolar. Pero siguro ay pagod lang siya. At masarap ang hangin sa balat niya.

“Gan’un pa rin,” anito nang makabawi. Tumitig ito sa dagat at pinagsalikop ang mga daliri nila.

Lumunok siya, pilit di pinapansin ang mainit nitong kamay sa kanya.

“Still busy with work?” aniya.

“Yes.”

“Dito na rin ba siya titira ngayon?”

Napakunot ito na para bang di nito makuha ang tanong niya.

"Sa Manila pa rin siya. Ako ang mamamahala ng negosyo dito."

Tumango siya. Real estate development ang business ng mga ito. Sa pagkakaalam niya, nasa Manila ang main office ng mga ito.

"So *how is* your dad? As in kumusta na talaga siya."

"You know better than to ask that," matabang nitong sagot.

"What? Isang taon pa rin kayong hindi nagkikita sa bahay kahit magkasama kayong nakatira d'un?"

Matabang siya nitong tinitigan na para bang sinasabing wala talaga siyang finesse. Matamis siyang ngumiti rito.

Subtlety and finesse were never her strong points.

"Nagkikita kami."

"Sa opisina, I bet."

"Yes, at walang kakaiba d'un."

"Sure."

"Not everyone has a happy, functional family, Shelly. Kung tutuusin, mas normal ang sitwasyon ko.

Many families rarely see each other even when they live in the same house."

"Ha! They must live in a very big house then. At kakaunti lang ang may gan'un kalaking bahay sa Pilipinas kaya faulty ang argument mo. At kilala ang mga Pilipino na malapit sa pamilya."

"Generalizations," anito. "Dad is fine. Wala siyang sakit."

"You should really talk to your dad. Baka nahihiya lang iyon na unang lumapit. Alam mo naman ang matatanda."

Pagak itong tumawa. "It's a little too late for me and Dad, we're practically strangers. Nothing more than business partners. We don't even ask personal favors from each other."

"Why not?"

Nagkibit-balikat ito. "I've learned my lesson. I tried when I was a kid. Never worked."

"Baka naman iba na ngayon, you should give your father another chance, Alejandro. Try to be closer to him."

"Can we change the subject? I don't like talking about Dad."

Bumuntong-hininga siya at tumitig sa dagat. “Fine.”

Sa loob ng ilang segundo ay namayani ang katahimikan sa pagitan nila. Pero hindi iyon nakakailang. It was a comfortable silence, a quiet solace between people who did not feel the need to fill the spaces with meaningless chatter.

Pitong taon na ang nakakaraan, pero tila di sila nagkahiwalay.

It still felt so right to just sit there with him and take comfort in his presence.

Naramdaman niya ang paninikip ng dibdib. Naalala niya, umupo rin sila ng ganito noon. Noong mamatay ang Kuya Danny niya. Wala si Allison noon at nasa Maynila. Hindi makausap ang Kuya Seb niya. Lagi silang umiiyak ng mama niya. Ilang araw matapos ang libing, nakaupo lang siya sa likod-bahay nila. Dumating si Alejandro at umupo sa tabi niya. Hindi ito nagsalita, hindi sinubukang aluhin siya. He just sat there and held her hand.

Nag-init ang mga mata niya at mabilis siyang kumurap.

Hinila niya ang kamay mula sa lalaki at sinubukang tumayo. “Babalik na ’ko—”

"Shelly." Hinawakan nito ang braso niya.

Tila nagliliyab na pangmarka ang hawak nito at muntikan na siyang sumigaw sa sakit. Mariin siyang pumikit at iniwas ang mukha rito. "I have to go."

Hinila siya nito hanggang sa mapaupo na ulit siya sa tabi nito.

His strong arms went around her, trapping her. Umigting ang kanyang ibang pandama sa pagpikit niya. She could hear his heavy breathing, could feel the furious beating of his heart against her breasts, could feel the warmth of his solid body enveloping her, crushing her, his scent overpowering her. Her blood sang. Her breasts became heavy, the tips turning into hard peaks, the flesh between her legs clenching in painful need.

"Alejandro—"

The feel of his soft lips brushing her lips was electric.

Napasinghap siya at naikuyom ang mga palad sa harapan ng kamiseta nito.

His tongue slid inside her mouth and the words melted in her throat. Tila umikot ang paligid. Nanginig ang bawat laman niya at tila may apoy

na unti-unting gumagapang sa bawat himaymay ng kanyang katawan. Palakas nang palakas iyon, palaki nang palaki hanggang sa tila nagliliyab na ang buo niyang katawan.

She melted, her body softening and molding against him, all thoughts and resistance ebbing. Pumulupot ang mga braso niya sa leeg nito nang hindi niya namamalayan, umungol ito at hinawakan siya sa batok, pinapalalim ang halik.

Their mouths and tongues sought each other, they felt perfect together, as if they were made especially for each other. His taste drove her crazy, turning her thoughts to mush until all that was left was her need to feel him. She rubbed her body against his, her thighs opening for him. Umungol ito at dinama ang kanyang katawan. His hands found her breasts, squeezing the plump globes until they were heavy and aching. Nahihilo siya sa mga sensasyon. She wanted him all around her, touching her, filling her.

“Alejandro,” she breathed as he tipped her head back, his mouth claiming hers again. She suckled his tongue and he groaned, the sound making her quiver, the tender flesh between her thighs leaking with hot, molten cream for him.

“You don’t know how much I want you,” usal ni

Alejandro sa kanyang bibig, ang isang kamay nito, pumapailalim sa kanyang bestida. He squeezed her thigh and more liquid heat flowed between her folds.

Her breath hitched when his fingers rubbed her through the wet lace of her thong. He groaned, his teeth nipping her jaw.

“F*ck, Shelly.”

His fingers pushed the scrap of lace aside and touched her.

She was lost. She threw her head back and panted. A sweet aching pulsed deep within her. She barely registered his other hand holding the back of her thigh, opening her wider. All her senses were focused on his fingers touching her, sliding in and out of her.

“You’re so beautiful.” He went deeper, the pad of his palm grinding against her swollen bud. “Let go, Shells. Come for me, let me see you come.” He kissed her, suckling her tongue in time with the movement of his fingers between her legs.

Nanigas ang buong katawan niya. Tila may sumabog sa kanyang kaibuturan. Nilunod ng halik nito ang kanyang sigaw. She clenched around him, her walls quivering and weeping for him.

“Shelly, Shelly,” he murmured her name over and over as her world continued to shatter.

Nanginginig siyang nagmulat ng mga mata.

Nasa loob pa rin sila ng maliit na kuweba. Rinig niya ang paghampas ng alon sa di kalayuan, ang paghuni ng mga ibon sa mga puno sa paligid nila. Nakasubsob ang mukha ng binata sa kanyang leeg. Ramdam niya ang marahas nitong paghinga.

Binasag ng mga tawanan ang mahikang bumalot sa kanila ni Alejandro. Nanlaki ang mga mata niya at tinulak ang binata palayo.

“Shelly—”

“Don’t touch me!” Hindi siya magkandaugaga sa pagtayo. Sa di kalayuan, rinig niya ang boses ng ilang tao.

“Godammit, Shelly—”

“I said don’t touch me!”

“Stop running away from me!” Hinagilap nito ang mga braso niya at hinila siya. Bumaon ang mga daliri nito sa kanyang mga braso, kay dilim ng mga mata at tila hinihigop niyon ang kanyang lakas. “Sumusobra ka na. You’ve cut me off for seven years! I won’t tolerate this anymore! You’re being very

unfair—"

Tumawa siya sa kabila ng pag-iinit ng mga mata. Naririnig ba nito ang sinasabi nito? Gusto niya itong kalmutin at sampalin.

"Unfair? Ako pa ang unfair? Ako pa ang sumusobra? Ikaw ang sumusobra na! What the hell do you want from me! I'm okay without you, f*ck you! Wala kang karapatang gawin sa 'kin 'to! How dare you! Sino ba'ng may kasamang babae na pinaparada sa harapan ko? Sino ba'ng unang tumakbo at naduwag? Sino ba'ng nagpamukha sa 'kin na wala tayong relasyon? Don't you dare preach about not running away. Don't you dare preach about what's fair and unfair. Wala na tayong dapat pag-usapan. You got what you wanted. You and I are nothing. We will never be anything."

Mariin itong napapikit at marahas na humugot ng hangin.

"The woman with me is just a friend—"

"Kagaya n'ung babaeng kahalikan mo noon? Go to hell!"

"Damn it, Shelly! You can't crucify me for what happened seven years ago!"

“Oh, yes I can! You think you can just say sorry and everything will be okay? Damn you! At kung hanggang ngayon hindi mo pa rin naiintindihan iyon, talagang gago ka!”

“Shelly? Ikaw ba ’yan?” Narinig niya ang boses ni Allison at nakahinga siya nang maluwag. Itinulak niya ang binata.

Tinalikuran niya ito at humakbang siya palabas ng kuweba. Pero hinagilap nito ang braso niya.

“This is not yet over.”

Mapait siyang ngumiti at hinila ang braso pabalik.

“It is. It’s been over seven years ago.”

Lumabas siya nang hindi lumilingon.